Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-30 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-06 NG PEBRERO, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

## KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 12-2023

**ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY INSENTIBO PARA SA MGA MAG-ASAWANG NAGDIRIWANG NG KANILANG GININTUANG ANIBERSARYO NG PAG-IISANG DIBDIB NA NANINIRAHAN SA LUNGSOD NG MALOLOS.**

**AKDA NI: KGG. THERESE CHERYLL "AYEE" B. OPLE**
**KAMAY-AKDA: KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO AT KGG. DIONISIO C. MENDOZA**

### TALA NG PALIWANAG

**SAPAGKAT**, sang-ayon sa Artikulo 15, Seksyon 1 ng ating Konstitusyon na nagbibigay ng pagkilala ng estado na ang pamilyang Pilipino bilang pundasyon ng ating bansa. Alinsunod dito, marapat lamang na pagtibayin at aktibong isulong ang kabuuang pag-unlad nito;

**SAPAGKAT**, upang hikayatin ang pagpapatuloy ng tapat na pag-iisang dibdib ng mga mag-asawa at bilang respeto sa sakramento ng kasal;

**SAPAGKAT**, upang maisulong at masalba ang pagkakaisa ng pamilya at ang atin nang matagal na tradisyon, isang insentibo ang ibibigay sa lahat ng mag-asawang nagdiriwang ng kanilang ika-50 taong anibersayo ng kasal;

**AT DAHIL SA MGA NABANGGIT, IPINAGTIBAY** na may bisa ng batas na bumubuo ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos sa ginanap na pagpupulong nito at marapat na ipatupad ng buong kahusayan at katapatan ang mga sumusunod;

**SEKYON 1. - PAMAGAT** - Ang ordinansang ito ay kikilalanin bilang **"GININTUANG ANIBERSAYO NG PAG-IISANG DIBDIB ORDINANCE".**

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI
KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

**SEKSYON 2. - SAKOP AT KWALIPIKASYON.**

**SAKOP** - Ang ordinansang ito ay sumasakop sa mga permanenteng naninirahan sa Lungsod ng Malolos na hindi bababa sa anim (6) na taon o sa mga permanenteng naninirahan sa lungsod na hindi bababa sa anim (6) na taon ngunit pansamantalang nanirahan sa ibang lugar dahil sa trabaho hangga't ang isa sa mag-asawa ay nananatiling naninirahan sa lungsod hanggang sa ipagdiwang ang ika-50 taong anibersayo ng kasal.

**KWALIPIKASYON** - Ang mga sumusunod na kwalipikasyon para sa insentibong nabanggit sa ilalim ng ordinansang ito ay ang mga sumusunod;

1. Ang kasal, anuman ang pagdiriwang, ay nararapat na legal sa ilalim ng batas na umiiral sa Pilipinas at nakarehistro sa *City Civil Registry (CCR)* ng Lungsod ng Malolos;
2. Ang kasal ay dapat na legal at umiiral ng limampung (50) taon mula sa pagkakarehistro ng nasabing kasal sa *City Civil Registry (CCR);*
3. Para sa mga Muslim at Tribong legal ang pag-aasawa ng higit sa isa, ang unang kasal na nakarehistro sa *City Civil Registry (CCR)* ay ang makakatanggap ng kaukulang insentibo.
4. Bago ang pagbibigay ng insentibo, marapat lamang na walang bahid ng paghihiwalay ang mag-asawa sa durasyon ng kanilang pagsasama.

**SEKSYON 3. - PAGLALAAN NG PONDO** - Ang insentibo na matatanggap ng bawat mag-asawang magdiriwang ng kanilang Ginituang Anibersaryo ng kasal ay nagkakahalaga ng Limang Libong Piso *(₱5,000.00)*. Ang pondong kinakailangan sa programa ay maaaring hanguin sa *City Social Welfare and Development Office (CSWDO)* o sa Tanggapan ng Punong Lungsod.

**SEKSYON 4. - PAGPAPATUPAD NG MGA TUNTUNIN AT REGULASYON** - Ang *Technical Working Group* na magpapatupad ng mga tuntunin at regulasyon ay bubuuin ng Tanggapan ng Punong Lungsod, *City Social Welfare and Development Office (CSWDO)*, *City Civil Registrar (CCR)*, *City Legal Office (CLO)*, *Office of Seniors Citizen's Affair (OSCA)* at ang *Local Finance Committee (LFC)*. Ang *Technical Working Group* na ito ay nararapat na maibigay ang bawat detalye na kakailanganin sa pagbuo ng *Implementing Rules and Regulations (IRR)* ng ordinansang ito.

**SEKSYON 5. - SUGNAY NA NAGPAPAWALANG-BISA** - Ang lahat ng mga ordinansa, resolusyon, kautusang tagapagpaganap, memorandum circulars at lahat ng parte na hindi nagtutugma sa ano mang probisyon ng ordinansang ito ay pinawawalang-bisa o wastong binabago.

**SEKSYON 6. - SUGNAY NG PAGHIHIWALAY** - Ang anumang bahagi o probisyon ng Kautusang Panlungsod na ito na maipahayag na labag sa Saligang Batas o anumang bahagi o probisyon na hindi maaapektuhan ay mananatili at patuloy na iiral na may bisa ng batas.

**SEKSYON 7. - KABISAAN** - Ang Kautusang ito ay ganap na magkakabisa sa sandaling pagtibayin at mailathala sang-ayon sa itinatadhana ng batas.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS R. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **KGG. FRANCISCO J. CASTRO**<br>KASANGGUNI | **KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**<br>KASANGGUNI | **KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**<br>KASANGGUNI | **KGG. MICHAEL M. AQUINO**<br>KASANGGUNI | **KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**<br>KASANGGUNI |

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kautusang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTITIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**
FEB 09 2023
**Petsa ng Pagtitibay:**

**ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD**
Punong Lungsod

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*02062023